File
10-12-10

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG OKTUBRE 4, 2010, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad – may karamdaman |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay<br>nasa lakad opisyal |

## KAPASIYAHAN BLG. 174 - T2010

## KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG PILA POBLACION LABUIN STA. CRUZ JEEPNEY OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION, INC. (PPLSCJODA) BILANG KAPALIT NG DATING LABUIN JEEPNEY ASSOCIATION INC. (LJODA).

**SAPAGKA'T,** nagpalit ng pangalan ang samahang LJODA na kinilala ng pamahalaang bayan sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 084-T2008;

**SAPAGKA'T**, inihalili ang Pila Poblacion Labuin Sta. Cruz Jeepney Operators and Drivers Association Inc. (PPLSCJODA) ayon sa kahilingang ipinadala sa sangguniang ito;

**SAPAGKA'T,** may ipinaiiral ang pamahalaang bayang isang kautusan ukol sa pagkilala sa lahat ng mga samahang di-konektado sa pamahalaan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Batas), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Jun M. Asinas, Rolando Moises E. Acapulco at Serafin C. San Juan, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Kilalanin ang Pila Poblacion Labuin Sta. Cruz Jeepney Operators and Drivers Association, Inc. bilang kapalit ng dating Labuin Sta. Cruz Jeepney Operators and Drivers Association Inc. (LJODA).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at PPLSCJODA, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

NAGPATOTOO:

**LOUIE C. DE LEON**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

NAGPATOTOO:

**INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan